Disability Rights California

Sistema ng proteksyon at pagtataguyod ng California

Mga Pamantayan sa Oras at Layo para sa mga Tagapagbigay ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal

Mayo 2018, Lat. #5610.08

Mga Pamantayan sa Oras at Layo para sa mga Tagapagbigay ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal

Upang matiyak na ang mga serbisyo ay naaabot at nagagamit ng mga tumatanggap sa napapanahong paraan, kailangang magpanatili ang mga plano[1] sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan sa loob ng partikular na oras *o* layo mula sa mga tahanan ng mga pasyente.[2] Tinatalakay ng paglalathalang ito

[1] Para sa impormasyon tungkol sa mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal, tingnan ang aming paglalathala Mga Plano sa Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal: Ano ang mga ito? Ano ang kailangan kong malaman tungkol sa mga ito? "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[2] Tingnan Kodigo ng Kapakanan & mga Institusyon (WIC, Welfare & Institutions Code) ng California Seksyon §14197.
"Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

ang mga pamantayan sa oras at layo para sa ilang mga uri ng mga tagapagbigay.[3]

1. **Ano ang mga pamantayan sa oras at layo para sa medikal na pangangalaga?**

Para sa karaniwang medikal na pangangalaga, ang sumusunod na mga pamantayan ay naaangkop simula Enero 1, 2018[4]:

> Ang mga tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga (para sa bata at sa wastong gulang) ay dapat matatagpuan sa loob ng **sampung (10) milya o tatlumpung (30) minuto** ng iyong tahanan.
>
> Ang mga ospital ay dapat matatagpuan sa loob ng **labinlimang (15) milya o tatlumpung (30) minuto** ng iyong tahanan.
>
> Ang mga serbisyong dental na saklaw ng mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal ay dapat matatagpuan sa loob ng **sampung (10) milya o tatlumpung (30) minuto** ng iyong tahanan.[5]

Ang mga tagapagbigay ng pangunahing pangangalaga sa pagpapaanak at hinekolohiya ay dapat matatagpuan sa loob ng **sampung (10) milya o tatlumpung (30) minuto** mula sa iyong tahanan.

---

[3] Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pamantayan sa mga appointment para sa ilang mga serbisyo, tingnan ang aming paglalathala, *Napapanahong Akses sa Medikal na Pangangalaga*, "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[4] WIC 14197(c) "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[5] Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang Lahat ng mga Plano sa Dental na Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

2. Ano ang mga pamantayan sa oras at layo para sa espesyalistang medikal na pangangalaga?

Simula Hulyo 1, 2018, ang mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal ay dapat magpanatili ng network ng mga espesyalista[6] (para sa bata at sa wastong gulang) na may mga pamantayang nagdedepende sa county kung saan ka nakatira.[7] Kung nakatira ka sa:

> Mga county ng Alameda, Contra Costa, Los Angeles, Orange, Sacramento, San Diego, San Francisco, San Mateo, o Santa Clara: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **labinlimang (15) milya o tatlumpung (30) minuto** mula sa iyong tahanan.
>
> Mga county ng Marin, Placer, Riverside, San Joaquin, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Stanislaus, o Ventura: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **tatlumpung milya (30) o animnapung (60) minuto** mula sa iyong tahanan.
>
> Mga county ng Amador, Butte, El Dorado, Fresno, Kern, Kings, Lake, Madera, Merced, Monterey, Napa, Nevada, San Bernardino, San

---

[6] Ang “espesyalista” ay nangangahulugan na propesyunal na nagsasagawa ng alinman sa mga sumusunod: Cardiology/interventional cardiology, Nephrology, Dermatology,Neurology, Endocrinology, Ophthalmology,Tenga, ilong, at lalamunan/otolaryngology, Orthopedic na siruhiya,Gastroenterology, Pisikal na paggamot at rehabilitasyon, Pangkalahatang siruhiya, Psychiatry, Hematology Oncology,Pulmonology, HIV/AIDS/nakakahawang mga sakit. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[7] WIC 14197(c) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

> Luis Obispo, Sana Barbara, Sutter, Tulare, Yolo, at Yuba: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **apatnapu't lima (45) milya o pitumpu't limang (75) minuto** mula sa iyong tahanan.
>
> Mga county ng Alpine, Calaveras, Colusa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Imperial, Inyo, Lassen, Mariposa, Mendocino, Modoc, Mono, Plumas, San Benito, Shasta, Sierra, Siskiyou, Tehama, Trinity, o Tuolumne: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **animnapung milya (60) o siyamnapung (90) minuto** mula sa iyong tahanan.

Mayroong mga eksepsyon sa mga pamantayang ito. Kung ang espesyalista ay unang pinuntahan sa pamamagitan ng ospital o klinikang kapaligirang kaugnay sa ospital, o kung ang espesyalista ay hindi nangangailangan ng harapang pagbisita ng pasyente upang isagawa ang serbisyo (hal. patolohiya o radiology), ang kinakailangang isinapamantayang oras at layo ay hindi kailangang iangkop.[8]

Dagdag pa, ang ilang natatanging espesyalisasyon ay sadyang hindi kasama sa listahan, dahil ang mga uri ng mga pamantayan ay hindi makatuwirang naaangkop.[9]

---

[8] Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California, *Panghuling Patakaran sa Pinangangasiwaang Pangangalaga ng Medicaid: Mga Pamantayan sa Kasapatan ng Network*, p. 15 (2017). "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[9] Id. "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

3. Ano ang mga pamantayan sa oras at layo para sa mga serbisyong parmasya?

Simula Hulyo 1, 2018, para sa mga serbisyong parmasya, ang mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal ay dapat magpanatili ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **sampung (10) milya o tatlumpung (30) minuto** mula sa iyong tahanan.[10]

4. Ano ang mga pamantayan sa oras at layo para sa mga serbisyong outpatient sa kalusugan ng isip?

Simula Hulyo 1, 2018, ang mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal ay dapat magpanatili ng network ng mga serbisyong outpatient sa kalusugan ng isip para sa mga tumatanggap.[11] Kung nakatira ka sa:

> Mga county ng Alameda, Contra Costa, Los Angeles, Orange, Sacramento, San Diego, San Francisco, San Mateo, o Santa Clara: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **labinlimang (15) milya o tatlumpung (30) minuto** mula sa iyong tahanan.
>
> Mga county ng Marin, Placer, Riverside, San Joaquin, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Stanislaus, o Ventura: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **tatlumpung milya (30) o animnapung (60) minuto** mula sa iyong tahanan.
>
> Mga county ng Amador, Butte, El Dorado, Fresno, Kern, Kings, Lake, Madera, Merced, Monterey, Napa, Nevada, San Bernardino, San

---

[10] WIC §14197(c)(2) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[11] WIC §14197(c)(3) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

Luis Obispo, Sana Barbara, Sutter, Tulare, Yolo, at Yuba: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **apatnapu't lima (45) milya o pitumpu't limang (75) minuto** mula sa iyong tahanan.

Mga county ng Alpine, Calaveras, Colusa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Imperial, Inyo, Lassen, Mariposa, Mendocino, Modoc, Mono, Plumas, San Benito, Shasta, Sierra, Siskiyou, Tehama, Trinity, o Tuolumne: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **animnapung milya (60) o siyamnapung minuto (90)** mula sa iyong tahanan.

5. **Ano ang mga pamantayan sa oras at layo para sa mga programang outpatient sa paggamot ng pag-abuso sa sangkap at paggamot sa opioid?**

Simula Hulyo 1, 2018, ang mga pamantayan para sa outpatient na paggamot para sa mga sakit sa pag-abuso sa sangkap (maliban sa mga programa sa paggamot sa opoid) ay magdedepende sa kung saang county ka nakatira[12]:

Mga county ng Alameda, Contra Costa, Los Angeles, Orange, Sacramento, San Diego, San Francisco, San Mateo, at Santa Clara: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **labinlimang (15) milya o tatlumpung (30) minuto** mula sa iyong tahanan.

Mga county ng Marin, Placer, Riverside, San Joaquin, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Stanislaus, at Ventura: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **tatlumpung (30) milya o animnapung (60) minuto** mula sa iyong bahay.

---

[12] WIC §14197(c)(4)(A) "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

> Mga county ng Alpine, Amador, Butte, Calaveras, Colusa, Del Norte, El Dorado, Fresno, Glenn, Humboldt, Imperial, Inyo, Kern, Kings, Lake, Lassen, Madera, Mariposa, Mendocino, Merced, Modoc, Monterey, Mono, Napa, Nevada, Plumas, San Benito, San Bernardino, San Luis Obispo, Santa Barbara, Shasta, Sierra, Siskiyou, Sutter, Tehama, Trinity, Tulare, Tuolumne, Yolo, at Yuba: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **animnapung (60) milya o siyamnapung (90) minuto** mula sa iyong tahanan.

Simula Hulyo 1, 2018, ang mga pamantayan sa programa ng paggamot sa opioid ay magdedepende rin sa kung saang county ka nakatira[13]:

> Mga county ng Alameda, Contra Costa, Los Angeles, Orange, Sacramento, San Diego, San Francisco, San Mateo, at Santa Clara: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **labinlimang (15) milya o tatlumpung (30) minuto** mula sa iyong tahanan.
>
> Mga county ng Marin, Placer, Riverside, San Joaquin, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Stanislaus, at Ventura: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **tatlumpung (30) milya o animnapung (60) minuto** mula sa iyong bahay.
>
> Mga county ng Amador, Butte, El Dorado, Fresno, Kern, Kings, Lake, Madera, Merced, Monterey, Napa, Nevada, San Bernardino, San Luis Obispo, Sana Barbara, Sutter, Tulare, Yolo, at Yuba: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **apatnapu't limang (45) milya o pitumpu't limang (75) minuto** mula sa iyong tahanan.

---

[13] WIC §14197(c)(4)(B) "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

Mga county ng Alpine, Calaveras, Colusa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Imperial, Inyo, Lassen, Mariposa, Mendocino, Modoc, Mono, Plumas, San Benito, Shasta, Sierra, Siskiyou, Tehama, Trinity, at Tuolumne: Magpapanatili ang Medi-Cal ng network ng mga tagapagbigay na matatagpuan nang hanggang **animnapung (60) milya o siyamnapung (90) minuto** mula sa iyong tahanan.

Ang sistema ng paghahatid ng Droga sa Medi-Cal na isinaayos ng county ay magbibigay ng appointment sa loob ng tatlong araw ng negosyo sa programa sa paggamot ng opioid.[14]

6. **Ano ang mga pamantayan sa oras at layo para sa mga serbisyong pangangalaga o pasilidad ng intermedyang pangangalaga?**

Ang mga serbisyo sa propesyunal na pangangalaga o pasilidad ng intermedyang pangangalaga ay batay rin sa lokasyon ng tirahan:

Para sa mga county ng Alameda, Contra Costa, Los Angeles, Orange, Sacramento, San Diego, San Francisco, San Mateo, at Santa Clara: ang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay dapat maibigay ang serbisyong ito sa loob ng **limang (5)** araw ng negosyo ng iyong kahilingan.[15]

Para sa mga county ng Marin, Placer, Riverside, San Joaquin, Santa Cruz, Solano, Sonoma, Stanislaus, at Ventura: ang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay dapat maibigay ang

---

[14] *Panghuling Patakaran sa Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medicaid*, p. 7 "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[15] WIC §14197(d)(2)(A) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

serbisyong ito sa loob ng **pitong (7)** araw ng negosyo ng iyong kahilingan.[16]

Para sa mga county ng Amador, Butte, El Dorado, Fresno, Kern, Kings, Lake, Madera, Merced, Monterey, Napa, Nevada, San Bernardino, San Luis Obispo, Sana Barbara, Sutter, Tulare, Yolo, at Yuba: ang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay dapat maibigay ang serbisyong ito sa loob ng **labing-apat (14)** na araw ng negosyo ng iyong kahilingan.[17]

Para sa mga county ng Alpine, Calaveras, Colusa, Del Norte, Glenn, Humboldt, Imperial, Inyo, Lassen, Mariposa, Mendocino, Modoc, Mono, Plumas, San Benito, Shasta, Sierra, Siskiyou, Tehama, Trinity, at Tuolumne: ang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay dapat maibigay ang serbisyong ito sa loob ng **labing-apat (14)** na araw ng negosyo ng iyong kahilingan.[18]

7. **Mayroon bang anumang mga eksepsyon sa mga pamantayang ito?**

Kung hindi matutugunan ng plano sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal ang mga pamantayan sa oras at layo, maaari itong humiling ng ibang mga pamantayan mula sa Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS, Department of Health Care Services), ang nag-iisang ahensya ng estado na nangangasiwa ng programang Medi-Cal (kabilang ang mga plano sa pinangangasiwaang pangangalaga) sa California. Kailangang ipakita ng plano sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal na naubos nito ang lahat

---

[16] WIC §14197(d)(2)(B) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[17] WIC §14197(d)(2)(C) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[18] WIC §14197(d)(2)(D) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

ng makatuwirang mga opsyon upang makakuha ng mga tagapagbigay.[19] Kailangan din nitong ipakita kung bakit kailangan ang ibang mga pamantayan. Kung aprubahan ng DHCS ang ibang mga pamantayan, ang mga pamantayan na ito ay dapat ipaskil sa website ng kagawaran.[20]

Dagdag pa, isasaalang-alang ng DHCS ang ibang mga pamantayan sa oras at layo kapag bumabyahe ang tagapagbigay sa tumatanggap ng Medi-Cal at/o sa kapaligirang batay sa komunidad upang magbigay ng mga serbisyo.[21]

Kung ikaw ay tumatanggap ng mga serbisyo mula sa iyong plano ng pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal sa pamamagitan ng tagapagbigay sa labas ng network, ang parehong mga kinakailangan sa napapanahong akses sa mga tagapagbigay sa loob ng network ang naaangkop.[22]

8. **Maaari bang gumamit ang plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ng telehealth, ibang teknolohiya sa telekomunikasyon, o pagbili sa parmasya sa pamamagitan ng koryo upang magbigay ng pangangalaga?**

Oo, maaaring pahintulutan ng DHCS ang paggamit ng klinikal na naaangkop na teknolohiya sa telekomunikasyon bilang isang pamamaraan ng pagsunod sa mga pamantayan sa oras at layo.[23]

---

[19] WIC §14197(e)(1) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[20] WIC §14197(e)(3) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[21] *Panghuling Patakaran sa Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medicaid*, p. 24 "Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[22] Id. at p. 16 "Bumalik sa Pangunahing Dokumento"

[23] WIC §14197(e)(4) “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

Ano ang maaari kong gawin kung ang aking plano sa pinangangasiwaang pangangalaga ay hindi sumunod sa mga pamantayang ito?

Maaari kang magsampa ng pagdaing sa iyong plano[24] sa pinangangasiwaang pangangalaga sa Medi-Cal, at/o sa Tanggapan ng Ombudsman[25] ng Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal.

Karagdagang mapagkukunan ng impormasyon

Tingnan, CA Kagawaran ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan, *Panghuling Patakaran sa Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medicaid: Mga Pamantayan sa Kasapatan ng Network* (2017).

Nais ka naming pakinggan! Mangyaring sagutan ang sumusunod na survey tungkol sa aming mga paglalathala at ipaalam sa amin kung ano ang lagay ng ang aming serbisyo! [Sagutan ang Survey]

---

[24] Tingnan ang aming paglalathala, Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal: mga Apela at mga Pagdaing. “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

[25] Tingnan ang Sangay sa Pinangangasiwaang Pangangalaga sa Medi-Cal (MMCD, Medi-Cal Managed Care Division) Tanggapan ng Ombudsman “Bumalik sa Pangunahing Dokumento”

Para sa legal na tulong tumawag sa 800-776-5746 o kumpletuhin ang pormularyo ng kahilingan para sa tulong. Para sa iba pang mga pakay, tumawag sa 916-504-5800 (Hilagang CA); 213-213-8000 (Timog CA).

Ang Disability Rights California ay pinondohan ng iba-ibang mapagkukunan, para sa kumpletong listahan ng mga nagpopondo, pumunta sa http://www.disabilityrightsca.org/Documents/ListofGrantsAndContracts.html.